

8 HAKBANG TUNGO SA KAUNLARANG PINANGUNGUNAHAN NG KOMUNIDAD

Batay sa isa sa mga pinakamalawak na pag-aaral na pinangungunahan ng komunidad hinggil sa pandaigdigang kaunlaran na nilahukan ng 800 katao sa 8 bansa, ang 8 hakbang na ito ay nagpapakita kung papaanong matitiyak ng lokal na kadalubhasaan na mas maraming tao ang makikinabang sa pag-unlad.

8 PALAGIANG ISAALANG-ALANG ANG MGA KARAPATANG PANTAO SA KAUNLARAN

“Mawawakasan lamang ang kahirapan kung igagalang ang mga karapatan ng mga tao.”

Naniniwalang ang pinakamahaling paraan upang masukat ang mga benepisyo ng proyekto sa kaunlaran ay tingnan kung napapabuti ba nito ang kalidad ng pamumuhay at kung ginagalang at pinoprotektahan ba nito ang mga karapatang pantao.

7 TIYAKIN ANG PANANAGUTAN PARA SA ANUMANG IDUDULOT NA PANGANIB

“Iniisip ng pamahalaan na ang paghuhukay sa kahit saan ay isang kaunlaran. Hindi ito maituturing na isang kaunlaran, unti-unti nito kaming pinapatay.”

Hindi alam kung papaano ang magsampa ng reklamo hinggil sa proyekto.

Hindi nakilahok sa anumang gawain upang masukat ang tunay na halaga ng kanilang mga tahanan, lupain at mga yaman na mawawala o masisira.

6 GAMITIN ANG IMPORMASYON MULA SA PAMAMAHALA NG KOMUNIDAD

“Inilantad namin ang mga kompanyang umaabuso sa mga karapatan ng komunidad at iyong mga nagdudulot ng polusyon. Sinampahan namin ng kaso sa korte iyong mga nagdudulot ng polusyon.”

5 ITURING ANG PABAHAY BILANG SARILI NITONG PROYECTO SA KAUNLARAN

“Tinatawag nila itong relokasyon, pero hindi sila nagbigay ng lupa sa amin na aming malilipatan. Nagbigay sila ng maliit na halaga ng salapi, na hindi naman namin gusto.”

1 MAGSIMULA SA PLANO NG MGA TAO

“Magsagawa ng konsultasyon, kunin ang mga opinyon ng mga taong direktang maaapektuhan ng proyekto, hindi lamang sa mga opisyal ng gobyerno.”

Hindi pa nabibigyan kailanman ng pagkakataong magmungkahi ng mga ideya para sa mga proyektong pangkaunlaran.

2 ALISIN ANG MGA HADLANG SA TUNAY NA PARTISIPASYON

“Ang mahusay na konsultasyon ay hindi dapat kinabibilangan ng mga sundalo. Dapat pahintulutan ang mga tao na malayang magsalita at dapat na pangunahing mabigyan ng mga impormasyon upang basahin at maikunsulta ang mga tao.”

3 ISULONG ANG MGA DISENYO NG PROYECTO NA NAGTATAGUYOD NG MGA KARAPATANG PANTAO

“Gumawa ng proyektong magpapanatili ng mga kabuhayang, may likas-kaya at walang masamang epekto sa kapaligiran at ekolohiya.”

4 TIYAKING ISINASAALANG-ALANG ANG LOKAL NA KAALAMAN SA DISENYO NG PROYECTO

“Dapat palagiang kasali ang mga taong apektado ng proyekto sa proseso ng pagpapalano.”

